

Nahihirapan ka bang makisama sa iyong kasintahan o kaya ay natatakot, kung kailan dapat ay masaya dahil kasama mo sya ?

Tagong Intimate partner Karahasan! violence



• • • **Ano ang “dating violence” o “intimate partner violence” at paano makisama ng maayos sa inyong kasintahan?** • • •

1. Intimate partner violence

Ang anumang karahasan ng inyong ka-relasyon ay matatawag na intimate partner violence. Hindi mo man gusto ang kanyang inaasal pero ikaw ay nagtitiis at sumasang-ayon na lamang. Maaaring iniisip mo na ito ay paglalambing at ayaw mong isiping masamang tao ang iyong kasintahan.

Ang mga sumusunod na mga pag-uugali ay mga halimbawa ng intimate partner violence:

- Madalas kang sabihang pangit, mataba, gago, o walang-kwenta
- Sinabunutan, itinutulak, o ibinabato sa iyo ang mga bagay
- Binabasa ang iyong mail, pinipigilan kang makihalubilo sa ibang tao at pinakialaman ka sa mga bagay bagay
- Sapilitang hihingian ng pera at kukunin ang impok sa bangko ng hindi nagpapaalam
- Pipilitin kang makipagtalik at hindi pumapayag sa iyong pagtangi

2. Mga dahilan kung bakit nangyayari ang intimate partner violence

-Mga sandali ng kawalan ng pasensya


Kung ikaw ay umiibig, iniisip mo minsan na pag-aari mo ang iyong partner at susunod sa anumang gugustuhin mong ipagawa sa kanya na magiging sanhi ng intimate partner violence

-Mga sandali ng pagbuhos ng nararamdaman

Kapag nakasanayang ang isa ay nagdidikta at ang partner ay tagasunod lamang, nagbubunga ito ng karahasan na paulit-ulit at lumalala ang sitwasyon

-Mga sandali ng pagmamahal

Pag tumigil na ang karahasan at mapagmahal na ulit, iisiping hindi yon pagmamalupit kundi pagmamahal at mahirap kumawala sa ganitong sitwasyon.



3. Para maibalik ang dating magandang pagsasama

- Tingnan kung walang nagaganap na karahasan sa pagsasama.
- Matutunang igiit ang sarili kahit paunti unti at sabihing ayaw mo ng karahasan
- Kung nahihirapang mapatigil ang karahasan sa pagitan ng isa't-isa, maglakas loob at humingi ng payo sa kaibigan. Maaari ding komunsulta sa mga counseling reception na nakalista sa ibaba. Anumang isasangguni ay pananatiliing lihim at pribado.

With You Saitama	TEL.048-600-3800	Mon. - Sat.	10:00~20:30
Women's Consulting Center (Fujin Soudan Center)	TEL.048-863-6060	Mon. - Sat.	9:30~20:30

*Narapat lamang na may respeto ang bawat isa, malayang nasasabi ang nasa loob at nararamdam para maging magaan at kaaya aya ang inyong relasyon.

(Pag-uulat ni Ms. Nanae ISHII, chief director)

Talumpati ng Koreanang staff ng FICEC tungkol sa mga banyagang mamamayan at karapatang pantao sa Toda city

Espesyal na artikulo

Ano ang diskriminasyon?
—Matuto ng wikang Hapon para makaiwas sa diskriminasyon —



Mali ang diskriminasyon at ayaw ng lahat na maranasan ito. Gumagawa ng diskriminasyon ang iba upang maprotektahan ang sarili o maiangat ang sarili. Hindi magkakatugma ang mga tao sa maraming paraan. Halimbawa, isang tao na may mataas na posisyon ay hindi nya tatanggapin na sya ay ibilang sa mga taong nasa mababang estado ng sosyedad. Tulad na lamang ng dating Korean Air vice president na gumawa ng malaking eskandalo at nataguriang “nuts rage scandal”. Gayundin sa paningin ng pangkaraniwang tao ay may diskriminasyon din sa pagbibigay ng espesyal na pag-trato sa nakakataas na mga tao. Ipinapakita lamang nito na ang diskriminasyon ay nakaukit sa damdamin ng tao. Mahalaga na maialis ang sobrang pagpapahalaga sa mga taong tingin natin ay nakatataas sa atin, subalit mas mahalaga na masugpo ang diskriminasyon sa mahihina at mahihirap na mga tao dahil kung tutuusin ang puno’t dulo ay ang kanilang kahirapan at pamumuhay.

Sino ba ang maituturing na nasa matatag na posisyon at sino naman ang mahihina? Halimbawa sa karapatan ng mga banyaga sa bansang Hapon, ang mga Hapones ay maituturing na nakakataas, at ako na isang Koreano, ay maituturing na mas mababa. Subalit sa aking bansa ay ako naman ang mas nakakataas at kapag pumunta sa ibang bansa ang mga Hapones ay sila naman ang mahihina. Ipinapakita lamang nito na ang diskriminasyon sa mga banyaga ay usapin para sa lahat ng tao. Ang pagturing sa isang banyaga ay hindi dapat isaalang-alang para lamang sa kanya ngunit sa posibilidad na maaaring maging banyaga ka din sa ibang bansa. Kung hindi ka nakaranas ng diskriminasyon sa ibang bansa, kung saan hindi ka marunong ng wika nila, at maayos ang trato sa iyo, marapat na pasalamatang ang mga tao sa bansang iyon na kung tutuusin ay sila ang mas nakakataas.

Kapag sinabing dapat ay masupil ang diskriminasyon, iisiping mahirap itong gawin at kailangang ipaubaya sa bansa at sila ang gumawa ng hakbang. Subalit, mayroong simpleng paraan na maaaring gawin kahit ninuman. Sa unang pagkakataong mapunta ako ng Japan, sinabihan ako ng isang propesor, ”para makaiwas sa diskriminasyon, pag-aralan mo ang wikang gamit ng mga bihasa sa bansang iyon.” Nakakatagpo ako minsan ng tao na iba ang pakikitungo at gamit ay marahas na pananalita dahil sa ako ay isang banyaga.

Nagsisimula ang diskriminasyon sa pananalita. Ang nasasalob ng isang tao ay malalaman sa kung paano siya makipag-usap. Sa Japan ay may magalang na pananalita. Kung ang pananalita ng mga banyaga ay hindi ganun kabihasa, hindi naman yun ayon sa kanilang kagustuhan. Subalit kung mabibigyan ng pagkakataong matuto ng magalang na pananalita, ang mga banyaga ay gagamit nito para makaiwas sa diskriminasyon. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng respeto sa bansang Hapon at pagpapahalaga na din sa sariling dignidad.

(Komposisyon ni Ms. An Unju, staff ng FICEC)



Noong Dec. 22: Ebento ng Paggawa ng Soba



Noong Jan. 12: Pagsusulat ng paunang calligraphy ng taon, gamit ang Japanese writing brush at ink.

Pagtatanghal ng “Doll Festival” sa Japanese Language class sa Marso

Tuwing Marso 3 ng taon ay ginaganap ang Doll Festival (Hina matsuri). Sa mga tahananang may anak na babae ay isinasagawa ang pagdi-display ng mga manika, pag-aalay ng alak at hishi mochi (isang uri ng Japanese rice cake) para sa pagdiriwang ng Doll Festival. Ang pagdiriwang na ito ay para sa paghiling ng magandang kalusugan ng anak na babae.

Panahon din ito ng pamumulaklak ng peach blossoms (momo) at tinatawag na “momo no sekku” o peach blossoms’ festival.